Mindanao (Philippines): Statement on the 23rd anniversary of the Revolutionary Peoples' Army (RPA)

Saturday 18 March 2017, by RPA, RPM-M (Date first published: 18 March 2017).

With arms for the Oppressed Peoples and the Working Class! Intensify the Current Stage of the Struggles towards the Socialist Revolution!

Revolutionary greetings to our comrades in the Revolutionary Peoples' Army (RPA) on your 23rd Revolutionary Anniversary!

For 23 years, you have selflessly served and defended the masses and the working class. More than two decades of tireless valuable contribution to the Socialist Revolution in Mindanao, Philippines and the world.

The masses and the working class have continued to suffer the cruelties brought upon by the capitalist globalization through all agents of its reactionary state, local political dynasties, drug syndicates and counter-revolutionary elements that have in many forms collaborate against the revolutionary movement and the peoples' resistance. These relentless attacks against the democratic interests and human rights of the peoples have given all the more reasons for the oppressed to defend themselves and fight alongside with the RPAs against these various assaults.

The Indigenous Peoples and the Bangsamoro's ancestral domains have been denuded and targeted for the capitalist extractive industry; the peasant and rural communities have suffered continuous neglect, threatened by dislocations and evictions by foreign as well as local corporations and vast lands have been opened for export production. The workers and the toiling masses have been pushed into more precarious situation and have regularly experienced threats for their lives if they resist and fight back. But the worst is that the environment have been massively raped and destroyed for capitalist profit and selfish interests of the few.

We have suffered fatalities as a result of the above-mentioned collaborations from these capitalist's machineries. To name a few, Comrade Ruben was murdered by state agents being known as a committed defender of masses in his area of operation and Comrade Inday was murdered as she stood up in favor for the farmers in her community. But we vow to bring justice to them. Let us not put their lives (our dear martyrs) in vain. Let our fallen comrades bring more inspiration and determination to continue our struggle with more fervor together with the toiling masses and the working class.

The Rebolusyonaryong Partido ng Manggagawa – Mindanao (RPM-M) calls us to continue strengthen our rank and fulfill our revolutionary politico-militar tasks. In all forms and means that we can, let us continue to defend the working class, the toiling masses and the oppressed peoples. Let us be the arms and shield to strengthen the solidarity and defend their victories. With our concrete gains in the current revolutionary struggles, let us intensify the Socialist Revolution!

With arms for the oppressed peoples and the working class!

Revolutionary Salute,

Executive Committee of the Central Committee
RPM-M

March 18, 2017

Rebolusyonaryong Partido ng Manggagawa – Mindanao (RPM-M)/
Revolutionary Workers Party – Mindanao (RWP-M)

www.rpm-m.org

Statement from the RPA

IPAGTAGUMPAY ANG MGA ADHIKAIN!

PAGTATANGGOL SA MGA INAAPI AT MGA MAMAMAYAN AY PAG-INAYUHIN!
PAIGTINGIN ANG SOSYALISTANG REBOLUSYON!

Rebolusyonaryong Pagbati!

Pagsaludo at Pagkilala sa lahat na mga Kasama sa ating Regular na Yunit-Gerilya, Rebolusyonaryong Hukbong Partisano, mga kasama sa Ancsetral Domain Defense Unit, Rebolusyonaryong Katuwang na Pwersa, mga lokal na Milisya at buong pwersang taga-suportang alyado, simpatisador at masa!

Dalawampu't tatlong (23) taon na ang nakalipas nang tayo ay nagpasyang itatag ang Revolutionary Peoples' Army (RPA) buhat nang dumaan sa matinding krisis ang kilusang rebolusyonaryo sa bansa dekada 90 dulot ng debateng ideyolohikal. Tumulong din tayong pagbuklurin ang mga rebolusyonaryong pwersa sa huling bahagi ng dekada 90 ngunit nagpasya rin tayong tumiwalag sa Revolutionary Proletariat Army-Alex Bongcayao Brigade dahil sa bangkaruteng direksyon nito. Dalawampu't tatlong taon din nating hinarap ang hamon laban sa mga banta ng kapwa rebolusyonaryong ating hiniwalayan; mga pribadong armado ng mga korporasyon, politiko't panginoong may-lupa; mga sindikato sa droga; mga elemento ng estado; at mga bangkaruteng dating kasamahan.

Hindi naging madali ang lahat na prosesong napagdaanan ng ating kilusan ngunit mas pinanghahawakan natin ang ating tungkulin para sa masa at mga inaaping uri na hanggang ngayon ay katuwang pa rin natin sa ating pagrerebolusyon. Katuwang ang ating Partido, ang Rebolusyonaryong Partido ng Manggagawa-Mindanao (RPM-M) at buong masa at tatlong mamamayan ng Midnanao na ating pinaglilingkuran ay nalagpasan natin ang mga hamong ito.

Nitong nakaraang taon ay ilang ulit tayong hinamon ng mga pwersa ng pamahalaan para sa aktwal na engkwentro ngunit mas ninais nating panghawakan ang ating pinirmahang kasunduang tigil-putukan sa dating pamahalaang Arroyo upang mapanatili ang kapayapaan sa mga komunidad; naka-ilang ulit ding muntikan na nating makasalubong sa engkwentro ang mga element ng New People's Army (NPA) ngunit mas ninais nating suportahan at panghawakan ang unilateral ceasefire na ating ideneklara kasama ang RPM-M sa CPP-NPA-NDFP.

Tayo ay pursigido na noon pa man sa kampanya kontra-kriminalidad kasama na ang droga kaya napag-iinitan tayo ng mga lokal na sindikato sa droga, kidnap-for-ransom at gun-for-hire na mga grupo sa lugar na ating ginagalawan. Ganun paman ay mas pinaigting pa lalo natin ang ating gawaing pampulisya at pagtatanggol sa mga komunidad-maralita, magsasaka at mangingisda laban sa mga kapitalista't pulitikong nang-aabuso.

Isa sa ating masigasig na kadre-militar ay pinaslang ng mga pwersa ng pamahalaan nitong Marso 4, 2017 lang. Ang nangyari kay Ka Ruben ay matingkad na katibayang may mahigpit na kolaborasyon ng mga politiko, lokal na kapitalista, sindikatong grupo at mga armadong pwersang ng pamahalaan. Nais nilang tuldukan ang pinaka-hadlang sa kanilang mga illegal na gawain at masasamang balak sa hanay ng mga maralitang-nayon at lunsod.

Ang patuloy na ganitong sitwasyon ay mas nagbibigay pa ng kadahilanang magkaroon ng sandigan ang masa at uring ating pinaglilingkuran na magtataggol sa kanila.

Sa nakalipas na taon ay naabot na rin ng ating armadong pwersa ang Kanlurang bahagi ng Mindanao at nagkaroon ng pakikipag-ugnayan sa mga lokal na komunidad. Kahit sa Silangang bahagi ng Mindanao ay may mga pakikipag-ugnayan na rin sa mga pangkat-depensang Lumad at magsasaka. Habang napanatili naman natin ang pakikipag-ugnayan sa pangkat-Bangsamoro sa Hilagang-Kanlurang Mindanao.

Ang ating kampanya para sa kasarinlan sa pagkain (food sovereignty) ay mas pinaigting pa natin nitong nakaraang taon. Ang ating mga kasama sa ADDU ay kinumpiska ang mga trosong pinutol sa loob ng mga lupaing ninuno at subsob sa kampanya laban sa pagmimina habang ipinapatupad ang kampanya para sa organiko at maka-kalikasang pagsasaka; ang ating mga kasamang Partisanong lunsod at bayan ay masigasig ding ipinapatupad ang nasabing kampanya maging ang ating mga regular na yunit-gerilya sa Hilagang-Kanluran, Hilagang-Silangan at Kanlurang Mindanao.

Sa araw na ito, kasabay ng ating paggunita sa ating ika-23 taong anibersaryo ay atin ding ginugunita at kinikilala ang mga martyr ng Jabidah Massacre sa mga kamay ng diktaduryang rehimeng Marcos.

Mga kasama, dakilain natin ang mga makabuluhang ambag ng ating mga kasamang martyr sa pakikibaka para sa Sosyalistang Rebolusyon. Paghugutan natin sila ng lakas, inspirasyon at determinasyon. Huwag nating gawing walang saysay ang kanilang mga buhay.

Mabuhay si Ka Ruben! Mabuhay ang RPA!

Mabuhay ang Masa, Inaaping Uri at mga Mamamayan!

RPA - National Operational Command (NOC)

March 18, 2017